# Naniniwala Tayo sa Kalayaan sa Relihiyon at Budhi

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- Kailan mo natalakay ang relihiyon o mga espirituwal na paniniwala sa isang tao na may paniniwalang naiiba sa iyo?

- Paano sila tumugon sa iyong mga paniniwala? Paano ka tumugon sa kanila?

Pag-isipan ang sumusunod na sitwasyon.

Si Liam ay bahagi ng soccer team ng kanyang paaralan. Ang isa sa mga miyembro ng kanyang grupo, si Zain, ay may personal na panrelihiyong ritwal na ginagawa niya bago ang bawat laro. Si Zain lamang ang miyembro ng kanyang relihiyon sa team. Napansin ng iba pang mga miyembro ng team ang ginagawa ni Zain at sinimulan nilang asarin siya dahil dito. Alam ni Liam na kung minsan, negatibo ang tingin ng mga tao sa kanilang komunidad sa relihiyon ni Zain.

Pag-aralan ang mga sumusunod na materyal, at isipin kung paano maiaangkop ang mga ito sa sitwasyon ni Liam at sa iyong pakikipag-ugnayan sa mga taong may paniniwalang naiiba sa iyo.

Alma 30:7–9

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11

Itinuro ni Propetang Joseph Smith (1805–44):



Kung naipamalas na na handa akong mamatay para sa isang "Mormon," matapang kong ipinahahayag sa harap ng Langit na handa rin akong mamatay sa pagtatanggol sa mga karapatan ng isang Presbyterian, Baptist, o isang mabuting tao ng ibang relihiyon; sapagkat ang mga alituntuning yuyurak sa mga karapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay yuyurak sa mga karapatan ng mga . . . iba pang relihiyon na maaaring hindi popular at napakahina para ipagtanggol ang kanilang sarili.

Pagmamahal sa kalayaan ang nagbibigay-inspirasyon sa aking kaluluwa—kalayaan ng tao at relihiyon sa buong sansinukob. (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 404)

- Ano ang maibabahagi mo kay Liam na maaaring makatulong sa kanya na tumugon sa sitwasyon kung nasaan siya?

- Ano ang natutuhan mo tungkol sa kung paano nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na pakitunguhan mo ang mga tao na may paniniwalang naiiba sa iyo?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_463-2